



**LUNGSOD NG HENDERSON
KOMISYON SA PAGAPPLANO
REGULAR NA PAGPUPULONG
PAKSA**

**Huwebes, 13 ng Hunyo, 2024
4:00 PM**

Mga tanong sa pagpupulong: (702) 267-1500

**Council Chambers
240 Water Street
Henderson, Nevada 89015**

Para sa mga nangangailangan ng espesyal na tulong o akomodasyon para makalahok sa pagpupulong na ito, kailangang magtalaga ng sign language interpreter sa lalong madaling panahon, pero hindi lalampas nang 72 oras bago ang nakatakdang pagpupulong. Pakikontak ang tanggapan ng Pagpapaunlad sa at Serbisyon Pangkomunidad sa (702) 267-1500 o TTY: 7-1-1, **nang hindi bababa sa 72 oras na mas maaga** para humiling ng sign language interpreter. Maaari ka ring magsumite ng kahilingan sa pamamagitan ng [Pagkontak sa Henderson](#).

Inilalaan sa Tagapangulo ang karapatang marinig ang mga paksang pag-uusapan kahit hindi magkakasunod-sunod, pagsamahin ang dalawa o higit pang paksang pag-uusapan para sa pagsasaalang-alang, alisin ang isa sa mga paksang pag-uusapan, o iantala ang talakayang may kaugnayan sa isang paksa anumang oras.

Kukunin ang pampublikong komento sa bawat item ng agenda habang dinidinig ito, maliban sa mga item ng Agenda ng Pahintulot, na makakatanggap ng pampublikong komento kung hiniling ang item na makuha para sa komento o talakayan. Lilimitahan sa tatlong (3) minuto ang mga indibidwal at limitado sa sampung (10) minuto sa pagpapasya ng Tagapangulo ang mga tagapagsalita para sa isang grupo.

Nakalaan ang karapatan ng Tagapangulo na bawasan ang mga komentong mapang-abuso, nakakasakit, nakakagalit, o paulit-ulit na nakakagulo, nakakaistorbo, o nakakahadlang sa ibang paraan sa maayos na pagsasagawa ng pagpupulong. Tingnan ang [NRS 241.030\(4\)\(a\)](#). Kasama sa nakakaistorbong pag-uugali ang, nang walang limitasyon, pagsigaw, pagpadyak ng mga paa, mga pagsipol, pagpalakpak, panunukso, pang-aasar, pambabastos, mga personal na pag-atake, pananakot, mga pagbabanta, o anumang iba pang komentong naglalayong humadlang sa pagpupulong o lumalabag sa mga karapatan ng Komisyon sa Pagpapalano ng Henderson, tauhan ng Lungsod, o mga kalahok sa pagpupulong.

Ipinapasa sa Konseho ng Lungsod para sa pagsusuri at pagdesisyon ang rekomendasyon ng Komisyon sa Pagpapalano tungkol sa mga item ng agendang tumutugon sa mga komprehensibong pag-amyenda sa plano, pagbabago sa sona, kasunduan sa pagpapaunlad, bakasyon, at anumang iba pang aplikasyon sa agenda na ipinagsama sa mga item na iyon. Makakatanggap ang lahat ng iba pang item ng panghuling aksyon mula sa Komisyon sa Pagpapalano maliban kung hindi binanggit.

Dapat isumite sa Direktor ng Pagpapaunlad at Mga Serbisyo sa Komunidad ang mga apela sa mga panghuling desisyon ng Komisyon sa Pagpapalano sa loob ng siyam (9) na araw sa kalendaryo mula sa abiso ng panghuling aksyon sa Klerk ng Lungsod. Kung tumapat ang pang-siyam na araw sa holiday na sinusunod ng Lungsod o sa araw na walang pasok sa Munisipyo, palalawigin ang panahon ng apela hanggang sa susunod na regular na araw ng trabaho ng Lungsod. Ipapasa ang mga apela ng mga panghuling desisyon sa Konseho ng Lungsod para sa pagsasaalang-alang.

Makikita ang reserbang mga materyal para sa mga paksang pag-uusapan sa website ng Lungsod sa: <http://www.cityofhenderson.com>. Para humiling ng elektronikong mga kopya ng reserbang pansuportang materyal, makipag-ugnayan kay Lisa Corrado sa
(702) 267-1500.

- I. **PAGSISIMULA NG PAGPUPULONG**
- II. **KUMPIRMASYON NG PAGPAPASKIL**
- III. **PAGTAWAG SA MGA KALAHOK**
- IV. **PANATA NG KATAPATAN**
- V. **PAGTANGGAP SA AGENDA
(Para sa Posibleng Pagkilos)**
- VI. **AGENDA NG PAHINTULOT**

Ipapakilala ng Tagapangulo ang agenda ng pahintulot na nag-aalok sa sinumang naroroon ng pagkakataong mag-alis ng anumang item para sa talakayan o pampublikong komento. Maliban kung nakuha ang item para sa talakayan o pampublikong komento, kikilos ang Komisyon sa Pagpapalano sa lahat ng pinahintulutang item sa isang paggalaw, pagtanggap ng mga rekomendasyon ng tauhan.

-
- 1. **MGA MINUTO
PAGPUPULONG NG KOMISYON SA PAGPAPLANO
MAYO 16, 2024**
-

Para sa Posibleng Aksyon.

REKOMENDASYON: Panghuling pag-apruba ng Komisyon sa Pagpapalano.

Pagtibayin ang mga minuto ng pagpupulong ng Komisyon sa Pagpapalano ng Mayo 16, 2024.

-
- 2. **TMA-2024014613 - PANSAMANTALANG MAPA
ISANG KOMERSYAL NA LOTE NG ODYSSEY BERMUDA**
-

APLIKANTE: ODYSSEY VORTEX, LLC

Para sa Posibleng Aksyon.

REKOMENDASYON: Panghuling pag-apruba ng Komisyon sa Pagpapalano.

Isang komersyal na lote ng subdibisyon sa 4.6 na acre, na matatagpuan humigit-kumulang 595 talampakan sa timog-silangan ng kanto ng Bermuda Road at Bruner Avenue, sa Lugar ng Pagpapalano ng Kanlurang Henderson.

-
3. TMA-2024014618 - PANSAMANTALANG MAPA
LAKEMOOR UNIT 1.4

APLIKANTE: PN II, INC.

Para sa Posibleng Aksyon.

REKOMENDASYON: Panghuling pag-apruba ng Komisyon sa Pagpapalano.

Isang 84 na lote (75 pang-isahang pamilya, 9 karaniwan) na residensyal na subdibisyon sa 14.8 acre na karaniwang matatagpuan sa timog-kanluran ng interseksyon ng Lake Las Vegas Parkway at Lake Mead Parkway, sa Lugar ng Muling Pagpapaunlad sa Lakemoor at Pagpapalano ng Foothills.

-
4. TMA-2024014619 - PANSAMANTALANG MAPA
LAKEMOOR UNIT 1.1

APLIKANTE: PN II, INC.

Para sa Posibleng Aksyon.

REKOMENDASYON: Panghuling pag-apruba ng Komisyon sa Pagpapalano.

Isang 155 lote (144 na pang-isahang pamilya, 11 karaniwan) na residensyal na subdibisyon sa 13.6 na acre na karaniwang matatagpuan sa timog-kanluran ng interseksyon ng Lake Mead Parkway at Lake Las Vegas Parkway, sa Mga Lugar ng Muling Pagpapaunlad sa Lakemoor at Pagpapalano ng Foothills.

-
5. TMA-2024014620 - PANSAMANTALANG MAPA
LAKEMOOR UNIT 1.3

APLIKANTE: PN II, INC.

Para sa Posibleng Aksyon.

REKOMENDASYON: Panghuling pag-apruba ng Komisyon sa Pagpapalano.

Isang 121 lote (104 na pang-isahang pamilya, 17 karaniwan) na residensyal na subdibisyon sa 14.7 na acre na karaniwang matatagpuan sa timog-kanluran ng interseksyon ng Lake Mead Parkway at Lake Las Vegas Parkway, sa Mga Lugar ng Muling Pagpapaunlad sa Lakemoor at Pagpapalano ng Foothills.

6. TMA-2024014392 - PANSAMANTALANG MAPA
PROJECT PARLAY

APLIKANTE: PANATTONI DEVELOPMENT COMPANY, INC.

Para sa Posibleng Aksyon.

REKOMENDASYON: Panghuling pag-apruba ng Komisyon sa Pagpapalano.

1 loteng komersyal na subdibisyon sa 310.7 na acre sa loob ng pangunahing plano ng Eldorado Valley na karaniwang matatagpuan sa kanluran ng I-11 na malapit sa off-ramp ng Railroad Pass (hilagang-kanluran ng Spring Canyon Road at Whidbey Road), sa Lugar ng Eldorado Valley.

VII. HINDI TAPOS NA GAWAIN

7 IPINAGPATULOY NA PAMPUBLIKONG PAGDINIG
A) ZCA-2018000276-A18 - PAG-AMYENDA SA PAGBABAGO NG SONA
B) WOS-2023013441 - WAIVER NG MGA PAMANTAYAN
C) TMA-2023013439 - KASUNDUAN SA PANSAMANTALANG MAPA
D) DRA-2023013440 - PAGESUSURI NG DISENYO
INSPIRADA TOWN CENTER PARCEL 12

APLIKANTE: TOLL HENDERSON, LLC

Para sa Posibleng Aksyon.

REKOMENDASYON: Wala, binawi ang aplikante.

- A) Amyendahan ang Plano sa Pagbabago/Pangunahing Plano ng Sona (Inspirada Town Center) para muling magsona mula sa PC-MP (Planadong Komunidad na may Overlay ng Pangunahing Plano) patungong RM-16-MP (Residensyal na Katamtaman ang Densidad na may Overlay ng Pangunahing Plano);
- B) Mga kahilingan sa waiver mula sa mga pamantayan ng disenyo ng Inspirada Town Center para: a) alisin ang mga bangketa sa mga residensyal na kalsada; b) bawasan ang minimum na lapad ng lote mula 25 talampakan patungong 24 na talampakan at 10 pulgada; c) pataasin ang gusali mula 35 talampakan patungong 51 talampakan; at d) pataasin ang maximum na setback ng garahe mula 5 talampakan patungong 7 talampakan at 8 pulgada;
- C) 154 na lote (149 na naka-attach na pang-isahang pamilya, 5 karaniwan) na residensyal na subdibisyon; at
- D) Pagsusuri ng arkitektura at disenyo ng site para sa residensyal na subdibisyon para sa naka-attach na pang-isahang pamilya sa 11.7 na acre; na karaniwang matatagpuan sa timog-kanluran ng Via Da Vinci at Via Inspirada sa Lugar ng Pagpapalano ng Kanlurang Henderson.

-
- 8 IPINAGPATULOY NA PAMPUBLIKONG PAGDINIG
A) CPA-2024014427 - PAG-AMYENDA SA KOMPREHENSIBONG PLANO
B) ZCA-2011500286-A18 - PAG-AMYENDA SA PAGBABAGO NG SONA
C) ZCO-2002670053-A7 - PAG-AMYENDA SA PAGBABAGO NG SONA
D) TMA-2024014428 - PANSAMANTALANG MAPA
RAINBOW CANYON SA LAKE LAS VEGAS / LAKE LAS VEGAS
NORTHSHORE PHASE II AT III (LOTE J-2A)

APLIKANTE: TRI-POINT HOMES

Para sa Posibleng Aksyon.

REKOMENDASYON: Inirerekomendang pag-apruba; para sa pagdinig ng Konseho ng Lungsod sa Hulyo 2, 2024.

- A) Amyendahan ang kategorya ng paggamit ng lupa sa Komprehensibong Plano mula sa MDR (Residensyal na Katamtaman ang Densidad) patungong LDR (Residensyal na Mababa ang Densidad) sa 14.6 na acre;
- B) Amyendahan ang plano sa pagbabago/pangunahing plano ng sona (Rainbow Canyon sa Lake Las Vegas) para muling magsona mula RS-6-G-MP-H (Residensyal na Mababa ang Densidad na may Negosyo sa Paglalaro, Pangunahing Plano, at Mga Overlay sa Hillside) patungong RS-6-H (Residensyal na Mababa ang Densidad na may Overlay sa Hillside) sa 6.6 na acre para sa layunin ng pag-alis ng tatlong parsela mula sa pangunahing plano ng Rainbow Canyon at pag-alis ng pagtatalaga ng Overlay sa Paglalaro;
- C) Amyendahan ang plano sa pagbabago/pangunahing plano ng sona (NorthShore Phase II at III sa Lake Las Vegas) para sa muling magsona mula sa RS-6-H (Residensyal na Mababa ang Densidad na may Overlay sa Hillside) patungong 6.6 na acre at DH-G (Hinahawakang Pagpapaunlad na may Overlay ng Enterprise sa Paglalaro) sa 14.6 na acre sa RS-6-MP-H (Residensyal na Mababa ang Densidad na may Pangunahing Plano at Overlay sa Hillside) sa 21.2 acre para sa layunin ng pagdaragdag ng apat na parsela sa pangunahing plano ng NorthShore Phase II at III at hilingin ang mga sumusunod na waiver: a) taasan ang maximum na patayong pagbungkal/pagtabon mula 35 talampakan hanggang 65 talampakan; b) pataasin ang maximum na taas ng pader sa loob ng setback ng pangharap na bakuran mula 32 pulgada hanggang 5 talampakan; at c) bawasan ang minimum na cul-de-sac radius mula 45 talampakan hanggang 42 talampakan; at
- D) Isang 54 na lote (53 pang-isahang pamilya, 1 karaniwan) na residensyal na subdibisyon sa 21.2-acre na karaniwang matatagpuan sa timog na bahagi ng Highland Shores Drive; humigit-kumulang 1,200 talampakan sa kanluran ng interseksyon ng Lake Las Vegas Parkway at Highland Shores Drive, sa Lugar ng Pagpapalano ng Lake Las Vegas.

-
9. IPINAGPATULOY NA PAMPUBLIKONG PAGDINIG
CUP-2023013243-A1 - PAG-AMYENDA SA PAHINTULOT SA MAY
KONDISYONG PAGGAMIT
PKWY MARKS TAVERN LIVE ENTERTAINMENT

APLIKANTE: PKWY MARKS, LLC

Para sa Posibleng Aksyon.

REKOMENDASYON: Panghuling pagtanggap ng Komisyon sa Pagpapalano.

Amyendahan ang pahintulot sa may kondisyonal na paggamit para sa Live na Aliwan para: (a) suriin ang mga pagpapatakbo sa Live na Aliwan, at (b) baguhin ang Kondisyon 6 para palawigin ang mga oras ng pagpapatakbo para sa Panlabas na Live na Aliwan mula 10:00 p.m. hanggang 12:00 a.m.; sa kasalukuyang Taberna na matatagpuan sa 445 Marks Street, sa Lugar ng Pagpapalano ng Whitney Ranch.

-
10. IPINAGPATULOY NA PAMPUBLIKONG PAGDINIG
WOS-2024014259 - WAIVER NG MGA PAMANTAYAN
SMITH RV GARAGE ADDITION

APLIKANTE: JAIME SMITH

Para sa Posibleng Aksyon.

REKOMENDASYON: Panghuling pag-apruba ng Komisyon sa Pagpapalano.

Kahilingan sa waiver mula sa mga pamantayan ng Kodigo sa Pagpapaunlad para: a) bawasan ang panlikod na setback mula 25 talampakan para maging 10 talampakan at panloob na setback mula 10 talampakan para maging 5 talampakan; b) dagdagan ang pinahihintulutang encroachment sa panlikod na setback para sa balkonahe mula 6 na talampakan para maging 20 talampakan; na matatagpuan sa 370 East Rancho Drive sa Lugar ng Pagpapalano ng Black Mountain.

-
11. IPINAGPATULOY NA PAMPUBLIKONG PAGDINIG
CUP-2015500267-A1 - PAG-AMYENDA SA PAHINTULOT SA MAY
KONDISYONG PAGGAMIT
STRONG TOWER NEW SANCTUARY

APLIKANTE: CENTRO CRISTIANO TORREON FUERTE

Para sa Posibleng Aksyon.

REKOMENDASYON: Panghuling pag-apruba ng Komisyon sa Pagpapalano.

Pagpapalawak ng kasalukuyang Pasilidad na Panrelihiyon, na matatagpuan sa 6100 Mountain Vista Street, Suites 110, 120, at 130, sa Lugar ng Pagpapalano ng Green Valley North.

-
- 12.** IPINAGPATULOY NA PAMPUBLIKONG PAGDINIG
CUP-2024014418 - PAHINTULOT SA MAY KONDISYONG PAGGAMIT
MISSION HILLS PARK CELL TOWER

APLIKANTE: PUBLIC SAFETY TOWERS, LLC

Para sa Posibleng Aksyon.

REKOMENDASYON: Panghuling pag-apruba ng Komisyon sa Pagpapalano.

Taasan ang maximum na taas ng Stealth (monopole) Wireless Communications Facility mula 45 talampakan hanggang 80 talampakan na matatagpuan sa 551 Mission Drive, sa Lugar ng Pagpapalano ng Mission Hills.

-
- 13.** IPINAGPATULOY NA PAMPUBLIKONG PAGDINIG
VAC-2024014331 - PAG-ALIS
PABCO - WARM SPRINGS HANGGANG BARRETT

APLIKANTE: THE LANDWELL COMPANY

Para sa Posibleng Aksyon.

REKOMENDASYON: Inirerekomendang pag-apruba; para sa pagdinig ng Konseho ng Lungsod sa Hulyo 2, 2024.

Petisyon na umalis sa mga bahagi ng karapatan sa daan (right-of-way) ng Pabco Road (lumang pagkakahayanay) na matatagpuan sa pagitan ng Warm Springs Road at Barrett Street, sa Mga Lugar ng Muling Pagpapaunlad sa Eastside at Pagpapalano ng Pittman.

VIII. BAGONG GAWAIN

-
- 14.** PAMPUBLIKONG PAGDINIG
VAC-2024014488 - PAG-ALIS
PABCO ROAD MULA SA WARM SPRINGS ROAD

APLIKANTE: THE LANDWELL COMPANY

Para sa Posibleng Aksyon.

REKOMENDASYON: Inirerekomendang pag-apruba; para sa pagdinig ng Konseho ng Lungsod sa Hulyo 2, 2024.

Petisyon na umalis sa isang bahagi ng karapatan sa daan na matatagpuan humigit-kumulang 400 talampakan sa timog-silangan ng interseksyon ng King Street at Pabco Road, sa Mga Lugar ng Muling Pagpapaunlad sa Eastside at Pagpapalano ng Cadence.

-
- 15.** PAMPUBLIKONG PAGDINIG
VAC-2024014490 - PAG-ALIS
PABCO ROAD

APLIKANTE: THE LANDWELL COMPANY

Para sa Posibleng Aksyon.

REKOMENDASYON: Inirerekomendang pag-apruba; para sa pagdinig ng Konseho ng Lungsod sa Hulyo 2, 2024.

Petisyon na umalis sa isang bahagi ng karapatan sa daan na karaniwang matatagpuan sa hilagang-kanluran ng interseksyon ng King Street at Pabco Road, sa Mga Lugar ng Muling Pagpapaunlad sa Eastside at Pagpapalano ng Cadence.

-
- 16.** PAMPUBLIKONG PAGDINIG
VAC-2024014563 - PAG-ALIS
CADENCE ACACIA

APLIKANTE: HORROCKS ENGINEERS, INC.

Para sa Posibleng Aksyon.

REKOMENDASYON: Inirerekomendang pag-apruba; para sa pagdinig ng Konseho ng Lungsod sa Hulyo 2, 2024.

Petisyon na umalis sa isang hindi eksklusibong utility/kadaliang paggamit na karaniwang matatagpuan sa timog-silangan ng interseksyon ng Taylor Street at Water Street, sa Mga Lugar ng Muling Pagpapaunlad sa Eastside at Downtown at Pagpapalano ng Cadence.

-
- 17.** PAMPUBLIKONG PAGDINIG
VAC-2024014454 - PAG-ALIS
LAKE LAS VEGAS PARKWAY PHASE 7

APLIKANTE: RAINTREE INVESTMENT CORPORATION

Para sa Posibleng Aksyon.

REKOMENDASYON: Inirerekomendang pag-apruba; para sa pagdinig ng Konseho ng Lungsod sa Hulyo 2, 2024.

Petisyon na umalis sa isang bahagi ng karapatan sa daan na karaniwang matatagpuan sa silangan ng interseksyon ng Paraggi Bay Drive and Lake Las Vegas Parkway, sa Lugar ng Pagpapalano ng Lake Las Vegas.

-
18. PAMPUBLIKONG PAGDINIG
VAC-2024014603 - PAG-ALIS
LAKEMOOR

APLIKANTE: PN II, INC.

Para sa Posibleng Aksyon.

REKOMENDASYON: Inirerekomendang pag-apruba; para sa pagdinig ng Konseho ng Lungsod sa Hulyo 2, 2024.

Petisyon na umalis sa isang bahagi ng BLM grants para sa pampublikong kalsada at kadalian sa karapatan sa kalsada, at kadalian sa pampublikong utilidad, na karaniwang matatagpuan sa timog-kanluran ng interseksyon ng Lake Mead Parkway at Lake Las Vegas Parkway, sa Mga Lugar ng Muling Pagpapaunlad sa Lakemoor Canyon at Pagpapalano ng Foothills.

-
19. PAMPUBLIKONG PAGDINIG
VAC-2024014002 - PAG-ALIS
WDA ELDORADO VALLEY

APLIKANTE: SOLO INVESTMENTS I, LLC

Para sa Posibleng Aksyon.

REKOMENDASYON: Inirerekomendang pag-apruba; para sa pagdinig ng Konseho ng Lungsod sa Hulyo 2, 2024.

Petisyon na umalis sa isang bahagi ng pampublikong karapatan sa kalsada at kadalian sa utilidad na karaniwang matatagpuan isang milya timog-kanluran ng interseksyon ng Old US 95 at Silverline Road, sa Lugar ng Eldorado Valley.

-
20. PAMPUBLIKONG PAGDINIG
MSP-2021008181-A1 - PAG-AMYENDA SA PANGUNAHING PLANO NG
KARATULA
BLACK MOUNTAIN RANCH SIGNS

APLIKANTE: LENNAR

Para sa Posibleng Aksyon.

REKOMENDASYON: Panghuling pag-apruba ng Komisyon sa Pagpapalano.

Isang pag-amyenda sa pangunahing plano ng karatula na may pagbabago sa: a) pagtaas ng maximum na kuwadrangong talampakan ng isang karatulang monumento mula 50 kuwadrangong talampakan hanggang 277 kuwadrangong talampakan; at b) taasan ang pinahihintulatang taas ng isang karatulang monumento mula 6 na talampakan hanggang 8 talampakan at 8 pulgada, karaniwang matatagpuan sa hilagang-silangan na sulok ng Greenway Road at Bellevue Grove Avenue, sa Lugar ng Pagpapalano ng Black Mountain.

-
21. PAMPUBLIKONG PAGDINIG
A) CUP-2023013931 - PAHINTULOT SA MAY KONDISYONG PAGGAMIT (GASOLINAHAN).
B) CUP-2023013932 - PAHINTULOT SA MAY KONDISYONG PAGGAMIT (DRIVE-THROUGH)
C) WOS-2024014796 - WAIVER NG MGA PAMANTAYAN
D) TMA-2023013930 - PANSAMANTALANG MAPA
E) DRA-2023013934 - PAGESUSURI NG DISENYO VIA INSPIRADA RETAIL CENTER

APLIKANTE: HENDERSON 18 LLC

Para sa Posibleng Aksyon.

REKOMENDASYON: Panghuling pag-apruba ng Komisyon sa Pagpapalano na may pagbubukod sa CUP-2023013931 (Gasolinahan).

- A) Gasolinahan;
- B) Restaurant na may Pasilidad ng Drive-Through;
- C) Paghiling ng waiver mula sa Mga Pamantayan sa Disenyo ng Inspirada Town Center para bawasan ang minimum na kinakailangang setback mula 10 talampakan hanggang 5 talampakan;
- D) Isang komersyal na lote na subdibisyon; at
- E) Pagsusuri sa arkitektura at disenyo ng site para sa isang maramihang gamit na sentro ng komersyo na binubuo ng isang Medikal na Tanggapan, Pasilidad ng Pangangalagang Pangkalusugan na Pang-emergency, Convenience Store na may Gasolinahan, Restaurant na may Bar, Restaurant, at Restaurant na may Pasilidad ng Drive-Through; sa 4.8 acre, karaniwang matatagpuan sa Via Inspirada, timog-kanluran ng Bicentennial Parkway, sa Lugar ng Pagpapalano ng Kanlurang Henderson.

-
- 22.** PAMPUBLIKONG PAGDINIG
CUP-2024014546 - PAHINTULOT SA MAY KONDISYONG PAGGAMIT
JANE MASSAGE

APLIKANTE: ZHEN LIN

Para sa Posibleng Aksyon.

REKOMENDASYON: Panghuling pag-apruba ng Komisyon sa Pagpapalano.

Personal na Serbisyo, Masahe, na matatagpuan sa 229 North Stephanie Street, Unit D, sa Lugar ng Pagpapalano ng Gibson Springs.

-
- 23.** PAMPUBLIKONG PAGDINIG
CUP-2024014593 - PAHINTULOT SA MAY KONDISYONG PAGGAMIT
EPIC HORIZON (PAGRENTA NG TRUCK)

APLIKANTE: EPIC HORIZON LLC

Para sa Posibleng Aksyon.

REKOMENDASYON: Panghuling pag-apruba ng Komisyon sa Pagpapalano.

Van sa Paglilipat/Paupahang Truck kasabay ng kasalukuyang Pasilidad ng Mini-Storage sa 2.6 na acre na matatagpuan sa 155 Pancho Via Drive, sa Lugar ng Pagpapalano ng McCullough Hills.

-
- 24.** PAMPUBLIKONG PAGDINIG
WOS-2024014601 - WAIVER NG MGA PAMANTAYAN
DETACHED GARAGE - GOODWIN RESIDENCE

APLIKANTE: MILENA GOODWIN

Para sa Posibleng Aksyon.

REKOMENDASYON: Panghuling pag-apruba ng Komisyon sa Pagpapalano.

Paghiling ng waiver mula sa mga pamantayan ng Kodigo ng Pag-unlad na bawasan ang setback ng harapang bakuran mula 20 talampakan hanggang 5 talampakan sa setback ng sulok sa gilid ng bakuran mula 15 talampakan hanggang 8 talampakan, na matatagpuan sa 200 Timog ng Parawan Street sa Lugar ng Pagpapalano ng Foothills.

-
- 25.** PAMPUBLIKONG PAGDINIG
WOS-2024014626 - WAIVER NG MGA PAMANTAYAN
PAGPAPALAWAK SA SILID-TULUGAN NG GARCIA

APLIKANTE: STACY GARCIA

Para sa Posibleng Aksyon.

REKOMENDASYON: Panghuling pag-apruba ng Komisyon sa Pagpapalano.

Paghiling ng waiver mula sa mga pamantayan ng Kodigo ng Pag-unlad para bawasan ang setback sa gilid ng bakuran mula 5 talampakan hanggang 3 talampakan, na matatagpuan sa 344 Gana Court sa Lugar ng Pagpapalano ng Green Valley North.

-
- 26.** PAMPUBLIKONG PAGDINIG
WOS-2024014630 - WAIVER NG MGA PAMANTAYAN
LYON RESIDENCE RV COVER

APLIKANTE: JACOB LYON

Para sa Posibleng Aksyon.

REKOMENDASYON: Panghuling pagtanggi ng Komisyon sa Pagpapalano

Paghiling ng waiver mula sa mga pamantayan ng Kodigo ng Pag-unlad para: a) bawasan ang setback sa gilid mula sa 5 talampakan hanggang 1 talampakan; at b) bawasan ang minimum na distansya sa pagitan ng isang accessory na istraktura at pangunahing istraktura mula 6 talampakan hanggang 2 talampakan 3 pulgada na matatagpuan sa 252 Hull Street sa Lugar ng Pagpapalano ng Foothills.

-
- 27.** PAMPUBLIKONG PAGDINIG
MSP-2024014599 - PANGUNAHING PLANO NG KARATULA
ATWELL SUITES

APLIKANTE: HARPISCHORD LLC

Para sa Posibleng Aksyon.

REKOMENDASYON: Panghuling pag-apruba ng Komisyon sa Pagpapalano.

Isang pangunahing plano ng karatula na may mga pagbabago mula sa Pangunahing Plano ng Downtown para: a) pataasin ang kuwadrang talampakan ng karatula ng projecting blade mula 8 kuwadrang talampakan hanggang 106 kuwadrang talampakan; at b) pataasin ang kabuuang kuwadrang talampakan ng karatula sa pader sa silangang elevation ng gusali mula 90 kuwadrang talampakan hanggang 114 kuwadrang talampakan, na matatagpuan sa 150 Timog ng Water Street sa Mga Lugar ng Muling Pagpapaunlad sa Downtown at Pagpapalano ng Townsite.

IX. PAMPUBLIKONG KOMENTO

Ang mga paksang tinalakay sa ilalim ng Pampublikong Komento ay hindi maaaring aksyunan sa pagpupulong na ito pero maaaring isangguni ng Komisyon sa Pagpapalano sa angkop na ahensya para sa pagtatanong (NRS 241.020). Limitado ang Pampublikong Komento sa tatlong (3) minuto sa pasya ng Tagapangulo. Inilalaan sa Tagapangulo ang karapatang pigilin ang mga abusado, nakakasakit, nakakagalit, o paulit-ulit na komentong nakakaantala, nakakagambala o kung hindi man ay nakakahadlang sa maayos na pagsasagawa ng pagpupulong. Tingnan ang NRS 241.030(4)(a). Kasama sa nakakaistorbong pag-uugali ang, nang walang limitasyon, pagsigaw, pagpadyak ng mga paa, mga pagsipol, pagpalakpak, panunukso, pang-aasar, pambabastos, mga personal na pag-atake, pisikal na pananakot, pagbabantang gumamit ng pisikal na puwersa, pagsalakay, pambubugbog, o anumang iba pang aksyong naglalayong humadlang sa pagpupulong o lumalabag sa mga karapatan ng Komisyon sa Pagpapalano ng Henderson, tauhan ng Lungsod, o mga kalahok sa pagpupulong.

X. MGA KOMENTO NG KAWANI/TAGAPANGULO

Maaaring magsalita ang Tagapangulo at mga Miyembro tungkol sa anumang paksa sa ilalim ng bahaging ito ng pinag-uusapan. Maaaring magkomento ang mga Tagapangulo at Miyembro sa mga bagay kabilang, nang walang limitasyon ang mga paksang pag-uusapan sa hinaharap, mga petsa ng nalalapit na pagpupulong, at mga pamamaraan sa pagpupulong. Ang mga komentong ginawa ay hindi maaaring aksyunan o talakayin sa pagpupulong na ito, pero maaaring isama sa paksang pag-uusapan sa hinaharap para sa pagsasaalang-alang ng Komisyon sa Pagpapalano.

XI. SUSPENSYON

Ipinaskil bago ang 9:00 a.m. sa ikatlong araw ng trabaho bago ang pagpupulong, sa sumusunod na mga lokasyon:

Munisipyo, 240 Water Street
www.cityofhenderson.com
<https://notice.nv.gov>
